



Editoryal

Pananagutin ang rehimeng Arroyo sa labis na paghihirap ng mamamayan

Pananagutan ng rehimeng Arroyo ang walang kapatay na paghihirap ngayon ng mamamayang Pilipino. Ang pagsirit ng presyo ng bigas, mga produktong langis at iba pang mga batayang pangangailan ay nakaugat sa anti-mamamayang mga patakaran pang-ekonomya ni Arroyo na mahigit isang dekada nang bumabayo sa sambayanan.

Isang nag-aalburutong bulkan ang malawak na galit ng mamamayan. Ang kanilang matinding paghihikahos habang nagpapakabundat ang malalaking burukrata-kapitalista ay nagpapakulo sa kanilang galit at nagtutulak sa kanila na paigtingin pang lalo ang pakikibaka para patalksin si Arroyo.

Pinananagot nila si Gloria Arroyo sa lahat ng dinaranas nilang paghihirap. Sinisingil nila siya sa pagtutulak noong 1998 ng General Agreement on Tariffs and Trade (GATT), pagsasakatuparan ng liberalisasyon ng ekonomya at ganap na pagsasailalim ng Pilipinas sa imperyalistang globalisasyon. Sa ilalim ng GATT, ibinwelo ng magkakasunod

na mga rehimen ang liberalisasyon sa agrikultura.

Ang liberalisasyon sa agrikultura, sa partikular, ay nagresulta sa pagpawi o pagbawas ng mga subsidyo sa mga magsasaka at anupamang kakarampot na supporta ng gobyerno sa agrikultura. Ibinukas nito ang bansa sa walang habas na importasyon ng mga produktong agrikultural.

Ang dagsa ng bigas, mais, karneng baka, baboy at manok at iba pang gayong produkto mula sa ibang bansa ay mapagsyang sumakal sa lokal na produksyon at sa kakayahan ng Pilipinas na tumindig sa sarili sa usapin ng pagkain. Sa ilalim din ng globalisasyon itinulak ang malawakang pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural na ibinaling mula sa palay at mais tungo sa mga *cash crop* na pang-eksport.

Ang pro-imperialista at anti-mamamayang GATT ang pinakamalaking sakunang tumama sa mga magsasakang Pilipino. Higit pa sa pinsalang dulot ng pinakamalalakas na bagyo ang pagkawasak ng lokal na



**Mga tampok
sa isyung ito...**

Matinding krisis
sa bigas PAHINA 2

Korapsyon sa programa
sa babuyan PAHINA 4

Mga tagumpay ng BHB
sa Mindanao PAHINA 6



agrikultura. Mula sa pagiging tagapag-eksport ng bigas, naging palaasa ang Pilipinas sa importasyon hanggang sa naging pinakamalaking tagapag-angkat ito ng bigas sa Asia.

Mas masahol pa, sa kabilang pagtatambak sa bansa ng tone-toneladang bigas, mais at iba pang butil mula sa ibang bansa ay patuloy pa rin ang pagsirit ng presyo ng mga batayang pagka-

ing ito. Ito'y dahil sa manipulasyon ng suplay at presyo ng mga mapagsaman-talang elementong karaniwang kasapakat ng Malacañang.

Sa kabilang malawakang paghihikahos ay ipinapako pa rin sa napakababang antas ang sahod at sweldo ng mga manggawa at employado.

Ang pangangayupapa ng rehimeng Arroyo sa mga dayuhan at ang walang kabusugang pandarambong nito sa kabang-bayan ang nasa ugat ng malalim na krisis sa kabuhayan at matinding paghihikahos sa buong bansa. Wala nang ibang masusulingan ang mamamayan kundi ang patalsikin ang mapandambong, malupit at reaksyunaryong papet na rehimeng Arroyo.

Sa pangmatagalang, tanging sa pagbabagsak ng buong sistemang nagluluwal ng gayong mga rehimen matitiyak ng mamamayan ang kalayaan sa gutom at paghihikahos. □

Matinding krisis sa bigas

Tagakandarapa ngayon ang rehimeng Arroyo na apulain ang ligalig at disgusto ng mamamayan na nalikha ng pumapaimbulog na presyo ng bigas. Isa itong isyung dumidiretso sa kumakalam na sikmura ng mamamayan, nagpapalala sa kanilang kagutuman at paghihikahos at nagtutulak sa kanila na bagtasin ang landas ng paglaban.

Sa tangkang lutasin ang problema ng suplay, iniutos ni Arroyo ang importasyon ng 1.5 milyong tonelada ng bigas mula sa Thailand at Vietnam. Nagpakalat din siya ng mga tindahang pinamamahalaan ng mga sundalo ng AFP kung saan ibinebenta nang rasyon ang bigas. Upang magpabango, nananawagan siya sa National Food Authority (NFA) na itaas ang presyo ng palay na binibili nito sa mga magsasaka mula ₱12 tungong ₱17. Pinalalabas din niya na malaking pondo ang inilalaan ng kanyang gubeyerno bilang pansuporta sa agrikultura.

Ang lahat ng ito ay pawang mga panakip-butas na solusyon at desperadong mga tangkang makapanlinlang. Matatandaang noong Pebrero lamang ay nagmaang-maanigan pa ang rehimen hinggil sa noo'y napipinto pa lamang na kakulangan ng suplay ng pagkain sa buong mundo. Nagmalaki pa ito nitong unang linggo ng Marso na walang krisis sa bigas ang Pilipinas at hanggang ngayon ay itinatanggi nitong magkukulang ang suplay nito.

Tiyak ding ibubulsa lamang ni na Arroyo at ng kanyang mga ali-pures ang ₱43.7 bilyong ayudang pagkain, tulad ng nangyari sa napakarami nang iba pang programa sa agrikultura. Katulad ng *fertilizer scam* noon at ng *swine scam* nga-

ANG BAYAN

Taon XXXIX Blg. 7 Abril 7, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nilalaman

Editoryal: Pananagutin ang rehimeng Arroyo sa paghihirap ng mamamayan	1
Matinding krisis sa bigas	2
Nagtataasang presyo ng pagkain	4
Korapsyon sa programang babuyan	4
Mga tagumpay ng BHB sa Mindanao	6
Pananalanta ng estado: Iligal na pang-areste, panggigipit	7
Neri, kinatigan ng Korte Suprema	8
Balita	8



yon, walang malinaw na dadaluyan ang pondong ito at wala ring mekanismo para sa wastong pamamahagi at pagtutuos para rito.

Mariing kinukundena ng mga samahan ng magsasaka, progresibong organisasyon at malawak na seksyon ng mamamayan ang mga kabulastugan ni Arroyo. Anila, wala na siyang ginawa kundi magdadalat at gumastos ng milyun-milyon para sa mga pakulong walang layunin kundi ang ibida ang sarili.

Katunayan, matagal nang ipinaglalaban ng mga magsasaka ang mga hakbang at programa para itaas ang produktibidad sa agrikultura at palakasin ang pagsandig sa sa-rili ng bansa sa usapin ng pagkain.

Kabilang sa mga ipinaglalaban ng mga magsasaka ang sumusunod:

1) Pagpapatupad ng tunay na reforma sa lupa. Nasa puno't dulo ng kahirapan sa kanayunan at pag-kaatrasado ng sektor ng agrikultura ang monopolyong kontrol ng mga panginoong maylupa sa milyun-milyong hektaryang lupang pansaka. Dapat ibasura ang huwad na Comprehensive Agrarian Reform Program na batbat ng anomalya at mga palusot para sa mga panginoong maylupa. Itaguyod ang kara-

patan ng mga magsasaka sa mga lupang kani-lang sinasaka at bigyan sila ng sapat na suporta para gawing produktibo at mapauunlad ang mga ito.

2) Pagbasura sa Agriculture and Fisheries Modernization Act (AFMA) at pagpigil sa liberalisasyon ng agrikultura. Ang kakulangan ng lokal na produksyon ang isa sa pinakamalalaking dahilan ng kasalukuyang kakulangan sa suplay ng bigas

at pagsalig ng bansa sa importasyon. Bilang pinakamalaking importor ng bigas sa Asia, malaki ang epekto ng kakulangan ng suplay sa bigas at nagtataasang presyo nito sa pandaigdigang pamilihan sa bansa. Gayundin, ang liberalisasyon sa importasyon ng mga produktong agrikultural ay ngreresulta sa pagkabangkarote ng mga lokal na magsasaka, kabilang ang mga nagtatanim ng palay at mais.

3) Pagtigil sa land-use at crop conversion. Inaamin maging ng rehimen na isa sa pinakamalalaking salik sa pagbagsak ng ka-

kayahan ng bansa na magprodusyong sariling suplay ng palay at iba pang pagkain ang pagpapalit-gamit ng mga lupaing agrikultural. Ibinunsod ito ng kahayukan sa tubo ng mga papet na rehimen. Ayon sa mga estadistika ng Bureau of Agricultural Statistics, bumaba mula 10 milyon tungong 9.7 milyong hektarya ang mga lupaing sinasaka. Taun-taon, kumikitid ang lupaing tinatamnan ng mga produktong agrikultural. Noong mga taong 2004-2005 halimbawa, nabawasan ng 56,200 hektarya o 1.4% ang mga lupaing tinatamnan ng mga produktong agrikultural. Ang mga lupaing tinatamnan ng palay ay bumaba rin mula 4.13 milyon noong 2004 tungong 4.07 milyong hektarya noong 2005.

4) Pagpapataas sa farmgate price ng palay at iba pang produktong agrikultural sa antas na di bababa sa 25%. Ipinanukala rin ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas na ipako ang presyo ng komersyal na bigas sa ₱25/kilo at ₱18.75/kilo para sa bigas na ipinamamahagi ng NFA. Sa gayo'y mabiligyan ng wastong kumpensasyon ang mga magsasaka habang napanganalagaan ang kapakanan ng mga mamimili.

AB

Protesta laban sa pagtaas ng presyo ng pagkain

Naglunsad ng kilos-protesta ang mga manggagawa, maralita ng lunsod at kabataan sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan at Kadamay sa Trabaho Market sa Sampaloc, Maynila nitong Abril 2. Gamit ang bitbit nilang mga kawali at kaldero, nag-ingay sila upang tutulan ang pagsirir ng presyo ng bigas at pagkain.

Kinagabihan, naglunsad sila ng sabay-sabay na *noise barrage* sa Taguig, Parañaque, Pasay, Caloocan at iba pang lunsod sa Metro Manila. Inaasahang mas marami pang katulad na kilos-protesta ang ilulunsad sa mga darating na linggo sa harap ng tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga karaniwang bilihin.

Sa isang sarbey ng Pulse Asia mula Pebrero 21-Marso 8, umabot sa 66% o dalawa sa bawat tatlong Pilipino ang nagpahayag na mas mahirap ang kanilang buhay sa kasalukuyan kumpara noong 2005. AB

Sumisirit ang presyo ng bigas at iba pang pagkain

Tampok na tampok ang pagsirit ng presyo ng bigas nitong nakaraang linggo. Mula ₱25 bawat kilo, umaabot na ito ngayon sa ₱32-38/kilo at ₱40/kilo sa ilang lugar sa prubinsya ng Quezon. May nagtayang aabot pa ito sa ₱50/kilo sa mga susunod na buwan.

Hindi magkandatuto ang rehimeng Arroyo sa pagtanggi na kuanlang ang suplay ng bigas. Ngunit ayon mismo sa sarili nitong mga dokumento, mauubos na ang suplay ng bigas ng bansa pagsapit ng Hunyo. Naghigpit na ang mga inaangkatan nitong mga bansa, tulad ng Vietnam, Thailand at Pakistan. Sa harap nito, napilitan na ang rehimeng Arroyo na mangutang sa US ng 100,000 metriko tonelada ng bigas para sa pangangangailangan ng mamamayan mula Mayo 15 hanggang Agosto 15.

Pinabubulaanan ng mga hakbang na ito ng rehimeng Arroyo na nauna nitong sinasabing walang kakulangan sa suplay ng bigas. Katawa-tawa rin ang panukala ni DA Secretary Arthur Yap sa mga may-ari ng restawran na kalahating tasa ng kanin na lamang ang ihain sa mga kostumer. Nagpakulo pa ito ng-

yon ng pagbebenta ng tig-iisang kilong bigas.

Wala ring silbi ang atas ng DA sa NFA na itaas ang presyo ng komersyal na presyo ng palay. Bukod sa tapos na ang anihan ngayong buwan, kakarampot lamang din naman ang binibili ng ahensya mula sa mga magsasaka. Inaamin ni NFA Administrator Jessuf Navarro na isang porsyento na lamang ng lokal na produksyon ng palay ang binibili ng ahensya nitong nakaraang dalawang taon.

Samantala, tumaas na rin ang presyo ng mais mula sa abereyds na ₱6/kilo tungong ₱17-18. Ang karaniwang mais ay ibinebenta na sa ₱23 kada kilo at ang premyum na uri ay ₱25 kada kilo. Ang isang sakong (50 kilo) ay nagkakahalaga na ng ₱960-967.50.



Gayundin, umaabot na sa ₱200/kilo ang presyo ng karneng baboy ngayong buwan, ayon sa National Federation of Hog Farmers. Tumaas din ang presyo ng arina, gatas at isda. AB

Di sapat ang lokal na produksyon ng bigas

MULA nang sumailalim ang Pilipinas sa imperyalistang globalisasyon, tuluy-tuloy na naging palaasa ang bansa sa importasyon ng bigas at iba pang produktong agrikultural. Mula 722,000 tonelada noong 1997, umabot ang importasyon ng bigas sa 1.7 milyong tonelada noong 2006.

Halos hindi lumalago ang produksyon ng agrikultural. Mula sa 1.4% paglago noong 1990-1995, bumagsak ito sa 0.6% noong 1996-2000.

Mula sa pagiging tagapag-eksport ng mga produktong agrikultural noong dekada 1970 at 1980, naging tagapag-import ang Pilipinas mula dekada 1990. Mula \$0.257 bilyon noong 1991-1994, ang deposit sa kalakalang agrikultural ng Pilipinas ay umabot sa \$3.347 bilyon noong 1995-1998.

Ngayong taon ay kailangan nang mag-angkat ang bansa ng dalawang milyong toneladang bigas upang mapunan ang kakulangan sa lokal na produksyon. AB

Korapsyon sa programa sa pagsuporta sa mga babuyan, ibinunyag

Isa na namang malaking kasuotan ng korapsyon ng rehimeng Arroyo ang sumambulat sa publiko nitong Abril. Umaabot sa ₱1.1 bilyon ng ₱5 bilyong pondo ng "swine program" ang nawawala at pinaniniwalang ginamit sa eleksyon noong 2004. Ibinunyag ito ni Atty. Harry Roque ng University of the Philippines (UP) College of Law.

Ayon sa ulat ng Commission on Audit (COA) noong 2005, binuo at ipinatupad ng Department of Agriculture (DA) ang "swine pro-

gram" upang pagkalooban umano ng suportang pinansyal ang mga magsasakang may babuyan. Sini-mulan ito bago ang eleksyon noong 2004.

Malaki ang kinalaman nina dating DA Sec. Luis "Cito" Lorenzo at

kasalukuyang DA Sec. Arthur Yap sa proyektong ito. Nakaupo noon si Yap bilang administrador ng National Food Authority (NFA) at tulad ni Lorenzo ay *board member* din siya ng Quedan and Rural Credit Guarantee Corp. (Quendacor), ahensiya ng pag-aari ng gobyerno na naangangasiwa sa pondo ng programang babuyan.

Katulad ng "fertilizer scam" ni Jocelyn "Joc-joc" Bolante, noo'y Undersecretary of Agriculture, tinatayang ginamit ang "swine program" bilang daluyan ng pondo para sa pansariling gamit ni Arroyo at kanyang mga alipures. Pero mas malaki ang nakurakot na pondo sa "swine program" at mas direkta itong nakaugnay kay Arroyo dahil tuwiran noong nasa ilalim ng kanyang upisina ang Quedancor.

Sa COA Report ng 2005, ang na-wawalang ₱1.1 bilyon ay bahagi ng ₱1.66 bilyong pondong ginastos diumano ng programa. Inisyal na pinondohan ang "swine program" ng ₱2.25 bilyon bago ito dinagdagan para maging ₱5 bilyon para umano mabigyan ng karampatang puhunan ang mga magsasakang nagnanais magtayo ng babuyan. Ang natitirang pondo ng nasabing programa ay nakadeposito sa Land Bank of the Philippines (LBP), ayon sa ulat.

Hindi dumaan ang proyekto sa "public bidding." Ang mga suplayer na nakakuha ng proyekto ay kabilangan ng Iloilo Feeds Corp., Nueva Foods Corp., BIRKS Agri-Livestock na nakakuha ng ₱583 milyong kontrata, Silverstock (₱480 milyon), ACL Corp. at Metro Livestock (₱383 milyon).

Halata na ang mga kumpanyang ito ay pawang mga "dummy corporation" na itinayo lamang noong 2003, isang taon bago nabuo ang programa. Walang sapat na kapital ang mga ito para mamahala ng anumang malaking proyekto.

Napag-alaman din sa mga dokumento nito na pare-parehong mga tao ang nakaupo sa *board of directors* ng apat na kumpanya at pinakamalamang ay pagmamay-ari ang mga ito ng iilang tao lamang. Hindi rin nakarehistro ang mga ito sa Bureau of Animal Industry. Sa mga pinirmahang kontrata ng mga kumpanyang ito, walang pinangalanang mananagot sakaling hindi mabayaran ang mga ipinagtang na pondo.

Alinsunod sa programa, ibinigay ng Quedancor ang pondo sa apat na kumpanya bilang paunang bayad sa mga baboy na ipamamahagi nito sa mga magsasaka. Pero sa buong panahong kunwa'y tumakbo ang programa, halos walang maiisumiteng mga resibo, *voucher*, dokumento o anumang papeles ang Quedancor para maipaliwanag kung saan napunta ang pondo.


Ayon sa imbestigasyon ng COA, marami sa mga magsasakang inilista bilang benepisyaryo ay pinapirma lamang sa mga blangkong resibo kapalit ng ₱200-300. Wala silang natanggap na baboy o anumang pondo labas dito. Ngayong hinihiling na ng Senado ang listahan ng mga benepisyaryo, nagpalusot ang Quendacor na nawala nito ang naturang listahan.

Noon pa mang 2003 ay may mga lumitaw nang anomalya sa paglalabas ng pondo ng Quedancor. Ayon sa mga dokumento, sinigil ng Landbank ang Quedancor ng ₱300 milyon para asikasuhin ang pautang at ₱2 milyon bilang pambayad sa mga abu-

gado (*arranger at attorney's fees*). Sobra ang laki ng singil na ito lupa't ang transaksyon ay sa pagitan ng dalawang ahensiya ng gobyerno. Nagastos naman ang ₱747 milyong pondo noong 2004 sa panahon ng eleksyon mismo. Lalong bumilis ang paglalabas ng pondo noong Hulyo 2004 matapos ilabas ni Arroyo ang Executive Order 322 na tuwirang nagpailalim sa Quedancor sa pamamahala ng Office of the President.

Sa disenyo pa lamang ng programa, halata nang daluyan lamang ito ng pondo para sa pansariling gamit ni Arroyo at kanyang partido. Wala itong itinakdang mga proseso at garantiya para mabayarang mga utang. Kung hindi mabayarang ang utang, ilalakip na lamang ang mga ito sa mga "utang na di nabayaran" o *bad debts*.

Dagdag pa rito, walang katotohanang may kakulangan sa produksyon ng baboy noong 2003 kung kailan nabuo ang programa at naglabas ng bilyun-bilyong pondo para rito. Ayon mismo sa mga estadistika ng gobyerno, tumaas pa nga nang 3.9% ang produksyon ng baboy mula 2001 tungong 2002. AB





Mga tagumpay ng BHB sa Mindanao

Signipikanteng nakapag-ambag ang mga tagumpay ng Bagong Hukbong Bayan sa Mindanao sa sustenidong pagsulong nga rebolusyonaryong pakikibaka sa Pilipinas. Ipinahayag ito ni Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng National Democratic Front-Mindanao, sa okasyon ng ika-39 anibersaryo ng pagtata>tagtag ng Partido sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Marso 29, 2008. Nakamit ang mga tagumpay na ito dahil sa suporta ng mamamayan.

Nakapaglunsad ang mga yunit ng BHB sa Mindanao ng 350 taktikal na opensiba noong nakaraang taon kumpara sa halos 300 noong 2006. Nitong Enero hanggang Marso 2008, mahigit 20 taktikal na opensiba na ang nailulunsad, ayon sa panimulang mga ulat.

Mga anihilatibo at atritibong aksyong militar at ilang espesyal na operasyon ang nailunsad ng Pulang hukbo sa isla. Mahigit 300 matataas na kalibreng armas ang nasamsam ng BHB sa Mindanao mula sa kaaway at humigit-kumulang isang batalyon ng kaaway ang naging kaswalti noong 2007 lamang. Kabilang sa mga pangunahing

taktikal na opensiba nito ang mga reyd sa Dapecol, Sto. Tomas, Davao del Norte (mahigit 100 armas); sa Cantilan, Surigao del Sur (18 armas); at sa Lawan-lawan, Las Nieves, Agusan del Norte (14).

Nakabihag ang BHB ng ilang regular at paramilitar na tropa sa mga aksyong militar nito sa mga rehiyon ng Southern Mindanao, Far South Mindanao, North Central Mindanao at North Eastern Min-



danao, at ilan sa kanila ay tumagal nang mahigit isang buwan. Nagpasalamat ang mga POW dahil mayayos silang tinirato alinsunod

sa mga patakaran ng BHB, sa CARHRIHL at mga alituntunin ng digma sa Geneva Conventions. Ang mga bihag ng digma ay pinalaya sa makataong batayan.

Nakaugat ngayon ang BHB sa mahigit 20 lalawigan, halos 200 bayan at lunsod at 2,000 baryo ng Mindanao. Nagdagdag ng mga erya ng operasyon sa Southern Mindanao, North Central Mindanao at Far South Mindanao.

Sa kabilang brutal na mga atakeng militar, nadagdagan ang mga larangang gerilya mula 35 noong 2005-2006 tungong 39 nitong 2008. Nitong taon, nabigo ang AFP Eastern Mindanao Command na wasakin ang target nitong 11 larangang gerilya. Nabigo rin ang AFP Western Mindanao Command na durugin ang target nitong tatlong larangang gerilya sa saklaw nito. Dumami ang mga lakas-kumppanyang larangang gerilya habang unti-unti namang lumalaki ang mayoryang mga larangang gerilyang lakas-platun. AB

Matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB

DALAWANG elemento ng 13th IB ang agarang namatay nang am-busin ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Napoleon Tumagtang Command ang kanilang yunit sa San Remigio, Antique noong Abril 4. Ayon sa mga inisyal na ulat, pinasabugan ng *land mine* ang mga sundalong pauwi na sa kanilang detatsment sa Barangay Bulan-bulan sa nasabing bayan.

Sinalakay naman ng mga gerilya ng BHB sa ilalim ng Domingo Erlano Command ang kampo ng Bravo Company ng 69th IB sa Ca-

siguran, Aurora noong Marso 24. Dalawa sa mga sundalo ang nasugatan sa putukan. Tumagal nang 15 minuto ang operasyon at ligtas na nakaatras ang mga mandirigma sa nasabing lugar.

Samantala, di bababa sa pito ang namatay at dalawa ang nasugatan sa magkahiwalay na pakikipaglaban ng mga pwersa ng BHB sa mga elemento ng 50th IB noong Marso 21 at 25 sa Barangay Tubtuba, Tubo, Abra. Tatlong beses na minortar ng kaaway ang lugar na pinaglabanan.

Walang nasawing Pulang mandirigma sa labanang ito at walang nakuhang armas mula sa kanila.

Ang pag-atake ng BHB sa AFP ay bahagi ng suporta nito sa paglaban ng mamamayan ng Abra sa pagpasok ng mga dayuhang minahan. Nagsisilbing powersang panseguridad ng mga minahan tulad ng Olympus Pacific Minerals Inc., Abra Mining and Industrial Corporation at Jabel Corporation ang iba't ibang yunit ng AFP. AB

Mga tagapagtuguyod ng karapatang-tao, pinarangalan

Tumanggap kamakailan ng parangal sina Atty. Romeo Capulong at Fr. Joe Dizon para sa kanilang masugid na pagtatanggol sa karapatang-tao at interes ng mamamayan.

Pinarangalang "abugado ng sambayanan" si Atty. Romeo Capulong ng iba't ibang grupong nagtaguyod sa karapatang-tao, mga kapwa abugado at kaibigan para sa kanyang walang humpay na pagtaguyod sa interes ng mahihirap at mga inaapi. Ang pagpaparangal ay inilunsad sa Quezon City Sports Club noong Abril 3.

Si Atty. Capulong ang nagsisilbing pangunahing abugado ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pakikipagnegosasyon sa gubyerno ng Pi-

lipinas. Tampok din ang papel ni Attorney Capulong sa mga kaso ng mga detenidong pulitikal at iba pang biktima ng paglabag sa karapatang-tao.

Kabilang sa mga nagbigay-parangal kay Attorney Capulong sina Prof. Jose Ma. Sison at Luis Jalandoni ng NDFP, Rep. Satur Ocampo at Teodoro Casiño ng Bayan Muna, Rep. Liza Maza ng Gabriela Women's Party at ang dating mga kongresman na sina Rafael Mariano and Joel Virador. Nagbigay din ng parangal si National Artist Bi-

envenido Lumbera.

Dumalo rin doon si Rep. Jose Yap ng Tarlac, Vice Governor Thomas Joson ng Nueva Ecija, dating Undersecretary Josie Lichauco ng Department of Transportation at dating tagapangulo ng IBP na si Jose Grapilon.

Noon namang Marso 10, iginawad ng Tji Hak-soon Justice and Peace Foundation ng Korea ang Justice and Peace Award kay Fr. Joe Dizon at sa Worker's Assistance Center Inc. (WAC). Ang gantimpalang ito ay taunang ibinibigay ng Korean Catholic Foundation sa mga indibidwal o organisasyon may makabuluhang ambag sa pagkamit ng kapayapaan at katarungan.

Kinilala ang 12-taong katangtingang pagtaguyod ng WAC sa karapatan at kapakanan ng mga manggagawa sa mga *export-processing zone* sa Cavite, sa kabilang matinding panunupil.

Nagsimula ang WAC noong 1995 bilang programang "socio-pastoral." Nagsikap itong ipagtanggol at sanayin ang mga manggagawa sa Cavite Export Processing Zone, ang pinakamalaking *export-processing zone* sa Pilipinas kung saan pinaiiral ang patakarang "no union, no strike" at laganap ang panunupil at mga paglabag sa karapatang-tao ng mga manggagawa.

Mula sa naitayo nitong unyong kinabibilangan ng 30 manggagawa noong 1997, nakatulong ang WAC sa pagtatayo ng hindi bababa sa siyam pang mga unyon na sumasaklaw sa 10,000 manggagawa sa iba't ibang mga pabrikang pag-aari ng mga dayuhan. "Binasag namin ang panunupil," ani Father Dizon.

AB

Mga kaso ni Palparan, ipinasisiyasat

IGINIGIIT ng grupong Karapatan na imbestigahan ang mga kaso ni Maj. Gen. Jovito Palparan (ret.), isa sa pinakamasusugid na alipures ni Arroyo at kilala sa mga kaso ng malalalang paglabag sa karapatang-tao at malulupit na pang-aabusong militar.

Ang hakbanging ito ay reaksyon ng Karapatan sa inilabas na ulat ng Human Rights Watch (HRW) na nagsasabi na wala pang kahit isang upisyal ng militar ng rehimeng Arroyo ang naisakdal kaugnay ng daan-daang kaso ng pamamaslang at libu-libong kaso ng paglabag sa karapatang-tao. Sinisingil ng HRW ang kawalang-akyon ng rehimeng Arroyo sa mga kasong ito.

Samantala, nakatakdang isagawa ng UN Human Rights Council sa Abril 11 sa Geneva, Switzerland ang Universal Periodic Review on the Philippines. Dito'y inaasahang mag-ulat ang mga grupo tulad ng Karapatan hinggil sa kalagayan ng karapatang-tao sa Pilipinas.

Nananawagan naman ang European Union sa rehimeng Arroyo na tigilan na nito ang paglilista ng mga aktibista at iba pang progresibo sa mga "order of battle" ng AFP. Binatikos din ng EU ang kawalang-akyon ng rehimeng Arroyo sa harap ng pagkakasangkot ng mga upisyal militar sa mga kaso ng pamamaslang.

Kasabay nito, nagpasya naman ang European Union na magpala ng *justice assistance mission* sa Pilipinas matapos ang isinagawang imbestigasyon ng Needs Assessment Mission. Sa pagtaya nito, "seyrosong problema" ang mga kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa Pilipinas.

AB



Iligal na pang-aaresto at panggigipit mula Marso hanggang unang linggo ng Abril

Iligal na pang-aaresto at panggigipit ang tampok sa mga paglabag sa karapatang-tao ng rehimeng Arroyo nitong nakaraang Marso 10 hanggang Abril 3.

Abril 3. Nakatanggap ng sunud-sunod na banta sa kanyang buhay si Redempto Ando, mama-mahayag ng dyaryong *Philippine Daily Inquirer* na nakabase sa Palawan. Hinihinala ng biktima na may kaugnayan ito sa isang artikulong isinulat niya tungkol sa diumanong plano ng MacroAsia, isang kumpanya ng minang pag-aari ng malaking negosyanteng si Lucio Tan. Isiniwalat niya na pinigilan ni Tan ang gubyerno na ideklara ang Mt. Mantalingahan bilang protektadong erya. Nasa Mt. Mantalingahan ang kahuli-hulihang kagubatan sa katimugan ng Palawan.

Marso 28. Kinundena ni Elizabeth Principe, detenidong konsultant ng National Democratic Front of the Philippines, ang rehimeng Arroyo dahil sa paggamit nito ng mga pekeng testigo upang pagtakpan ang mga iregularidad ng pagdukot sa kanya noong Nobyembre 2007. Aniya, ang mga dumukot sa kanya ay malalaki, maskulado at maliliksing lalaki at wala silang kasamang babae. Hindi kabilang sa mga dumukot sa kanya ang huwad na testigo na iniharap ng rehimen sa Court of Appeals. Nagsampa rin ng *writ of habeas corpus* si Principe para sa asawa niyang si Leo Velasco na dinukot noong Pebrero 2007 sa Cagayan de Oro City.

Marso 24. Pinaiimbustigahan ng Pamalakaya sa Commission on Human Rights ang operasyong paniniktek ng AFP sa ilang bayan sa Laguna, laluna sa lugar na malapit sa Laguna Industrial Park. Inirerekamo nila ang isinasagawang pag-

babahay-bahay, pagpapataw ng curfew at pagsubaybay sa mga militanteng lider sa naturang prubinsya.

Ayon sa Pamalakaya, tinutukoy at inililista ng mga sundalo ang mga pangalan mga residenteng kasapi ng Kilusang Mayo Uno, Kadamay at iba pang mga organisasyong pilit na iniuugnay ng Malacañang at AFP sa rebolusyonaryong kilusan. Ang harassment ng militar sa mga organisasyong ito ay pinaniniwalaang may kinalaman sa paglaban ng naturang mga grupo sa malawakang demolisyon sa mga komunidad na saklaw ng proyektong NorthRail.

Marso 23. Inireklamo ng pamilya ni Muhammad Bani, 27, isang paring Muslim, ang pagtortur ng militar sa kanya at sa kaibigan niyang si Al-Midzbar Bunajal, 24. Inaresto ng ISG at Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) sina Bani at Bunajal sa isla ng Boracay sa Aklan noong Marso 8 at inakusahang sangkot sa kasong panngidnap sa Dos Palmas, Palawan

noong 2001. Inaakusahan din si lang myembro ng bandidong Abu Sayyaf.

Marso 22. Binaril ng gwardya ng Oceana Gold Philippines Inc. si Emilio Pumihic sa Didipio, Kasibu, Bayombong, Nueva Vizcaya habang inililigtas niya ang kapitbahay niyang si Samuel Bidang. Nagsasawa noon ng demolisyon ang kumpanya habang natutulog si Bidang sa kanyang bahay. Ang Oceana Gold ay isang Australyanong kumpanya sa pagmimina na binigyan ng rehimen ng karapatang magmuna sa malawak na lupain sa Didipio. Malaon nang tinututulan ng mga residente ang operasyon nito.

Marso 20. Iligal na inaresto ng pinagsamang mga operatibang paniktek ng Intelligence Service of the AFP at pulisia sa Region 4A ang mag-asawang Jaime Soledad, 58, at Clarita Luego, 50, sa Calle Springville Subdivision, Molino, Bacoor, Cavite. Walang hawak na mandamyoento de aresto para sa mag-asawang Soledad ang mga umarestong pulis. Tatlong araw silang ipinailalim sa matinding interogasyon at pinagkaitan ng karapatang makita ng mga kamag-anak at magkaroon ng abugado. Kinumpirma na lamang ng militar na hawak nila ang dalawa nang igiit ng isang reporter na nakita niya ang mag-asawa sa upisina ng hepe ng paniktek ng Region 4.

Dahil walang maisampang kaso, napilitan ang AFP at PNP na pakawalan si Luego ilang araw matapos sila inaresto. Sinampahan naman ng gawa-gawang kaso si Soledad kaugnay ng dalawang ambus ng Bagong Hukbong Bayan sa Leyte noon pang dekada 1990. **AB**



Neri, kinatigan ng Korte Suprema

Sa botong 9-6, kinatigan ng Korte Suprema noong Marso 25 ang apela ni dating NEDA Secretary Romulo Neri na pigilan ang Senado na pilitin siyang isiwatal ang kabuuan ng kanyang nalalaman sa maanomalyang proyektong NBN-ZTE.

Ayon sa desisyon ng Korte Suprema, saklaw ng "executive privilege" ang mga usapan sa pagitan nina Neri at Gloria Arroyo na pumapatungkol sa diumano'y mga "usaping diplomatiko." Alinsunod sa desisyon ito, hindi maaaring obligahin ng Senado si Neri na sagutin ang mga katanungan ng Senado kaugnay dito. Nakatakdang iapela ng Senado ang desisyon ito ng Korte Suprema.

Idineklara rin ng korte na iligal ang pagpapahuli ng Senado kay Neri sa manipis na bata yang hindi inilathala ang mga alituntunin nito sa pagsasagawa ng mga imbestigasyon—bagay na pinabulaanan ng Senado.

Inulan ng batikos ang desisyon ng Korte Suprema na inaaahang gagamitin ng mga upisyal ng gubyerno upang tumangging dumalo sa mga isasagawang imbestigasyon ng Senado sa mga kaso ng korapsyon.

Sa kanyang pagtutol sa desisyon, ipinahayag ni Chief Justice Reynato Puno na hindi pwedeng gamitin ang "executive privilege" upang pagtakpan ang mga posibleng krimen ng gubyerno.

Tiyak na gagamiting sangkalan nina Neri at lahat ng iba pang upisyal ng rehimeng desisyon ito upang tumangging dumalo sa mga ipinatatawag na imbestigasyon ng Senado sa mga kaso ng korapsyon sa ilalim ng rehimeng Arroyo.

Sa aktwal, ibinalik ng desisyon ito ang esensya ng EO 464 ni Gloria Arroyo na nagbabawal sa lahat ng mga upisyal ng gubyerno sa antas-gabinete na dumalo sa mga imbestigasyon ng Senado at Kongreso nang walang pa-hintulot si Arroyo. Binaligtad ng Korte Suprema ang sarili nitong desisyon noong 2006 na nagdedeklarang iligal ang mga susing probisyong ng EO 464.

Tinatayang ang pinakahuling botohang ito ay magsisilbing salalayan ng mga desisyon ng Korte Suprema sa susunod pang mga kaso. Lala-la pa ito sa mga darating na panahon oras na magretiro ang ilang mahistrado at halinhan ang mga ito ng mga bagong hirang ni Arroyo. **AB**

400 batang biktima ng militarisasyon

UMABOT sa 423 ang mga batang biktima ng lumalalang mga operasyong militar ng rehimeng Arroyo mula Enero hanggang Marso 2008. Ito ang iniulat ng Children's Rehabilitation Center (CRC) nang gunitain ang unang anibersaryo ng pagkamatay ni Grecil Buya, isang siyam na taong gulang na batang pinatay ng mga sundalo sa Compostela Valley.

Si Grecil ay binaril nang malapitan ng militar sa isang sagupaan noong Marso 31, 2007. Para pagtakpan ang kanilang krimen, pinalabas ng AFP na isa siyang batang mandirigma at kinunan siya ng litrato katabi ang isang ripleng M16 na mas mahaba pa sa kanya. Pinabulaanan ito ng pamilya, mga kamag-anak at mga kapitbahay ni Grecil. Sa kabilang nito ay inabswelto ng Commission on Human Rights ang mga salarin.

Ayon sa CRC, ang patakaran ng todo-largang digma ng gubyernong Arroyo, na mas binibigyang-diin sa halip na mga serbisyon ng panlipunan, ay tiyak na magpapalala sa kalagayan ng mga bata at magsasapanganib sa kanya.

Kilos-protesta sa Hong Kong, inilunsad

HINDI bababa sa 2,000 migranteng manggagawang Filipino sa Hong Kong ang naglunsad ng kilos-protesta nitong Marso 31 para igit ang pagwawakas sa paghahari ni Gloria Arroyo. Itinaon nila ang rali sa tatlong araw na pagbisita ni Arroyo sa Hong Kong.

Pinangunahan ng Gloria Step Down Movement-Hong Kong chapter at United Filipinos in Hongkong ang protesta. Anila, makapal ang mukha ni Arroyo na magbida ng kunwa'y mga pag-unlad sa ekonomya gayong lalong lumalala ang kalagayan ng mamamayang Pilipino, kabilang na ang sa mga migranteng manggagawa. Nakiisa rin sa kilos protesta ang Human Rights Commission, Justice and Peace Commission of the HK Catholic Diocese, Asia Monitor Resource Centre at Asia Pacific Mission for Migrants.

Samantala, bilang pakikiisa sa kilusan para patalsikin si Arroyo, inilunsad ng mga migranteng manggagawang Pilipino (OCW o *overseas contract workers*) noong Abril 5 ang "zero remittance day", isang araw ng hindi pagpapadala ng remitans sa kanilang mga pamilya. Ito ang nagsilbing regalo nila sa kaarawan ng pekeng pangulo. Ang hakbang na ito, ayon kay Maita Santiago ng Migrante, ay pagpapahayag ng mga migrante na sobra na ang pagpapabaya sa kanila ng kasalukuyang rehimeng. Nananawagan din sila na bumaba na sa pwesto si Arroyo lalupa't wala naman siyang ginawa para sa mga migrante.

Panlilinlang sa mga magsasaka ng Sumilao, binatikos ng KMP

MARIING binatikos ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) ang panloloko ng rehimeng Arroyo sa mga magsasakang taga-Sumilao, Bukidnon na nakipaglaban para sa kanilang lupa sa loob ng maraming taon. Pinalalabas ngayon ng rehimen, ng San Miguel Food Inc. (SMFI) at maging ng arsobispo ng Maynila na si Gaudencio Cardinal Rosales na nakamit na ng mga magsasaka ang isang "win-win solution" (kasunduang makikinabang ang lahat).

Alinsunod sa kasunduan, kusang ibibigay bilang donasyon ng SMFI ang 50 ektarya sa mga magsasaka. Pero dapat nilang bayaran ang nalalabing 94 na ektarya para

makumpleto ang 144 ektaryang noon pa ma'y dapat naipamahagi na sa mga magsasaka. Lumalabas na ang mga magsasaka pa ang may utang na loob sa SMFI.

Ang kinahinatnan ng kasong ito ay patunay lamang ng kainutilan ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP), ayon pa sa KMP. Niloloko lamang nito ang mga magsasaka dahil walang kasi-guruhang mapupunta nga sa kanila ang lupa, kabilang ang 50 ektaryang ibibigay na diumano ng SMFI. Bibilhin din nila sa gobyerno ang nalalabi pang lupa sa kalsalukuyang halaga nito sa pamilihan. Ngunit dahil karamihan sa mahihirap na magsasaka ay wa-

lang kakayahang magbayad ng buwanang amortisasyon, inaasahang sa kadulu-duluan ay mababangkarote sila at mapupwersang ibenta ang kanilang mga lupa. Sa kaso ng mga taga-Sumilao, babalik at babalik ang lupa sa SMFI.

Malaking insulto kung gayon ang paggamit ng rehimen sa kaso ng Sumilao-SMFI para bigyang-katwiran ang pagpapalawig sa CARP. Ayon sa KMP, ang makasenderong CARP ang puno't dulo ng kawalang-hustisya sa Sumilao. Napilitan lamang ang gubyernong harapin ito dahil sa walang puknat na pakikibaka ng mga magsasaka roon at sa malawak na suportang inani ng kanilang laban.

Pagtaas ng presyo ng langis, pinakamadalas sa ilalim ng rehimeng Arroyo

NAGANAP sa ilalim ng rehimeng Arroyo ang pinakamadalas na pagtaas ng presyo ng langis, ayon sa pag-aaral ng Ibon Foundation. Tinukoy nito na mula 2001, tumaas nang 196% ang presyo ng gaas, 168% ng diesel, 151% ng gasolinang *unleaded*, 150% ng regular na gasolina at 147% ng gasolinang *premium*. Mula sa ₱15 bawat litro noong 2003, umaabot na sa halos ₱40 kada litro ngayon ang presyo ng diesel.

Kaugnay nito, nanawagan ang Ibon na kagyat na alisin ang Value Added Tax (VAT) na ipinapataw sa presyo ng mga produkto ng petrolyo. Noong 2006, kumita ng ₱49.15 bilyon ang gobyerno mula sa buwis sa langis na ipinababalikat sa karaniwang mamimili.

Iginiit din ng Ibon na ibasura na ang Republic Act 8479 o Downstream Oil Industry Deregulation Act ng 1998 na siyang nagbibigay ng kalayaan sa mga dayuhang kumpanya na magtaas ng presyo ng langis.

Sumusuporta sa panawagang ito ang mga drayber at opereytor ng dyip. Ayon sa Piston o Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide, naghahanda silang maglunsad ng serye ng mga kilos protesta na hahantong sa isang pambansang tigil-pasada sa mga darating na linggo.



1,000 papet na tropang Iraqi, umatras sa labanan

UMATRAS ang mahigit 1,000 tropa ng militar at pulisia ng papet na gubyernong Iraqi noong huling linggo ng Marso habang nasa kainitan ng pakikipaglaban sa mga mandirigmang Shiite sa Basra, Iraq. Ayon sa isang mataas na upisyal ng gobyerno, kabilang sa mga tumalilis ang dose-dosenang upisyal kasama ang dalawang nangungunang kumander sa larangan. Sadyang umatras sila sa labanan o basta na lamang nag-abanduna ng kanilang mga pusisyon.

Ipinakikita ng mga pagtalilis na ito na hindi kaya ng mga papet na pwersang panseguridad na ipagpatuloy ang sini-mulan ng US na gera laban sa mga pwersang mapagpalaya ng Iraq.

Bunsod nito, dali-daling idineploy ni Prime Minister Nouri Kamal al-Maliki ang 10,000 bagong rekrut mula sa tribong Shiite, bagay na ikinagalit naman ng tribong Sunni.

Noong 2007, umabot na sa 15% ng kabuuhan ng papet na pwersang militar at pulisia sa Iraq ang tumiwalag.



Editoryal

Pananagutin ang rehimeng Arroyo sa labis na paghihirap ng mamamayan

Pananagutan ng rehimeng Arroyo ang walang kapatay na paghihirap ngayon ng mamamayang Pilipino. Ang pagsirit ng presyo ng bigas, mga produktong langis at iba pang mga batayang pangangailan ay nakaugat sa anti-mamamayang mga patakaran pang-ekonomya ni Arroyo na mahigit isang dekada nang bumabayo sa sambayanan.

Isang nag-aalburutong bulkan ang malawak na galit ng mamamayan. Ang kanilang matinding paghihikahos habang nagpapakabundat ang malalaking burukrata-kapitalista ay nagpapakulo sa kanilang galit at nagtutulak sa kanila na paigtingin pang lalo ang pakikibaka para patalksin si Arroyo.

Pinananagot nila si Gloria Arroyo sa lahat ng dinaranas nilang paghihirap. Sinisingil nila siya sa pagtutulak noong 1998 ng General Agreement on Tariffs and Trade (GATT), pagsasakatuparan ng liberalisasyon ng ekonomya at ganap na pagsasailalim ng Pilipinas sa imperyalistang globalisasyon. Sa ilalim ng GATT, ibinwelo ng magkakasunod

na mga rehimen ang liberalisasyon sa agrikultura.

Ang liberalisasyon sa agrikultura, sa partikular, ay nagresulta sa pagpawi o pagbawas ng mga subsidyo sa mga magsasaka at anupamang kakarampot na supporta ng gobyerno sa agrikultura. Ibinukas nito ang bansa sa walang habas na importasyon ng mga produktong agrikultural.

Ang dagsa ng bigas, mais, karneng baka, baboy at manok at iba pang gayong produkto mula sa ibang bansa ay mapagsyang sumakal sa lokal na produksyon at sa kakayahan ng Pilipinas na tumindig sa sarili sa usapin ng pagkain. Sa ilalim din ng globalisasyon itinulak ang malawakang pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural na ibinaling mula sa palay at mais tungo sa mga *cash crop* na pang-eksport.

Ang pro-imperialista at anti-mamamayang GATT ang pinakamalaking sakunang tumama sa mga magsasakang Pilipino. Higit pa sa pinsalang dulot ng pinakamalalakas na bagyo ang pagkawasak ng lokal na



***Mga tampok
sa isyung ito...***

**Matinding krisis
sa bigas** PAHINA 2

**Korapsyon sa programa
sa babuyan** PAHINA 4

**Mga tagumpay ng BHB
sa Mindanao** PAHINA 6

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*